

Talong

Ang talong, *Solanum melongena* ay miyembro ng tinatawag na nightshade family at nabibilang sa kaanak ng kamatis, sili, at patatas.

Kung tag-araw, mainam na itanim ang gulay na ito sa mga buwan ng Oktubre hanggang Pebrero at mula Mayo hanggang Setyembre naman kung tag-ulan.



PAGPILI NG LUPANG TANIMAN

Pumili ng lugar na may sapat na mapagkukunan ng tubig. Mainam na magtanim sa lupang tinatawag na lagkitang galas o buhanginang galas na may asim (pH) na 6.0-6.5.

PAGPUPUNLA

May dalawang paraan ng pagpupunla, ang *seedbed method* at *seedling tray method*. Gumamit ng panangga sa ulan para maprotektahan ang mga punla.

A. Seedbed Method o Pamumunla sa Lupa

1. Damuhan at bungkalin ang lugar na pagpupunlaan gamit ang asarol o pala.
2. Gumawa ng limang kamang punlaan na may taas na 6 na pulgada at habang 10 metro. Para sa isang ektaryang taniman, maghalo ng organikong pataba, *humus*, at inuling na ipa (1:1:1 ratio). Patagin ang kamang taniman upang maiwasan ang sobrang pagkababad ng mga buto sa pagdidilig.
3. Gumawa ng pahalang na hanay na may pagitan na 5 sentimetro bawat hanay. Ibudbod nang manipis ang mga buto sa bawat hanay at tabunan ng kaunting lupa. Ang 1 ektarya ay nangangailangan ng 200 hanggang 300 gramo ng buto.
4. Diligan ito hanggang sa tumubo ang buto. Diligan ng fungicide na may daming isang kutsara bawat galon ng tubig kapag nakakitaan ng *damping-off na sakit*.
5. Diligan nang mabuti ang mga punla para sa mabilis na pagtubo nito. Magdilig ng 1 kutsarang Urea sa bawat galon ng tubig ika-7 araw pagkatubo. Pasundan ito kaagad ng tubig upang maiwasan ang pagkasunog ng mga dahon.
6. Diligan ang kamang punlaan kapag nalalanta ang mga punla. Gawin ito madalas mula ika-14 na araw pagkatubo hanggang sa maari na itong ilipat-tanim. Diligan ang kamang punlaan bago bunutin ang punla.
7. Maaari nang ilipat-tanim ang mga punla 25 hanggang 30 araw pagkatubo ng buto.

B. Seedling Tray Method

1. Sa pamamaraang ito, 200 gramo ng buto ang kailangan sa 1 ektarya at 200 hanggang 250 piraso ng *seedling tray* na may 100 hanggang 104 na butas.
2. Maghalo ng *garden soil*, organikong pataba at inuling na ipa (1:1:1 ratio). Ilagay ito sa mga *tray*.
3. Maglagay ng 2 hanggang 3 buto sa bawat butas. Tabunan nang mabuti at diligan.
4. Limang araw pagkatubo ng buto, diligan ang mga punla ng Urea na may daming isang kutsara bawat galon ng tubig. Diligan ito kaagad ng tubig pagkatapos lagyan ng pataba. Magdilig ng *fungicide* kapag nakakitaan ng damping-off na ang punla.
5. Pitong araw pagkatubo, ilipat sa ibang tray ang sobrang punla. Magtira lamang ng isang punla bawat butas.
6. Bawasan ang pagdidilig at ilagay sa may sikat ng araw ang mga punla isang linggo bago ilipat-tanim.
7. Sa pamamaraang ito, maiiwasan ang *transplanting shock*.
8. Maaari nang ilipat-tanim ang punla tatlong linggo pagkatubo nito.

PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin ang lupa nang isang beses at suyurin nang dalawang beses. Gumawa ng tudling na may pagitang isang metro.

PAGLILIPAT-TANIM

Patubigan ang mga tudling bago maglipat-tanim. Maari nang ilipat-tanim ang 30 araw na gulang na punla. Itanim ang punla sa gilid ng tudling na may pagitang 50 sentimetro kada puno at lalim na 4 hanggang 6 na sentimetro depende sa laki ng punla. Palitan ang mga patay na punla 1 hanggang 2 araw pagkatapos maglipat-tanim.

PAGPAPATABA

Uri ng Pataba	Dami ng Pataba (kada ektarya)	Panahon ng Pagpapataba	Paraan ng Pagpapataba
Organikong Pataba	50 sako	1-2 lingo bago magtanim	Basal
14-14-14	4 sako	Sa pagtatanim	Basal
46-0-0 + 0-0-60	2 sako +2 sako	30 araw pagkatapos maglipat-tanim	Side dressing
46-0-0 + 0-0-60	2 sako + 2 sako	45 araw pagkatapos maglipat-tanim	Side dressing
46-0-0 + 0-0-60	Sundin ang rekomendasyon	Sundin ang rekomendasyon sa paggamit	Mag-spray

PAGSUGPO NG DAMO

Magdukit 14 hanggang 21 araw pagkatapos maglipat-tanim at magsablay 30 hanggang 40 araw pagkatapos maglipat-tanim.

PAGKONTROL NG INSEKTO AT SAKIT

Insekto	Kontrol
Thrips	Deltamethrin
Leafhoppers	Fipronil
Aphids, Mites	Thiamethoxan
Shoot atFruitborer	Carbaryl
Cutworm	Chlorpyrifos
	Deltamethrin
	Profenopos
	Indoxacarb
	Chlorantraniliprole

Sakit	Kontrol
Phomopsis	Captan
Phytophthora rot	Mancozeb
Bacterial wilt	Copper hydroxide

Mga Karagdagang Pag-iwas

Kung ang sakit ay dulot ng virus, bunutin at sunugin agad ang apektadong halaman upang maiwasan ang pagkahawa ng iba pang halaman.

Maaari ring gumamit ng botanical pesticides gaya ng katas ng dahon ng neem tree, sili, at bawang sa pagkontrol ng insekto. May mga bitag ding ginagamit gaya ng *yellow sticky trap* sa pagsugpo ng mga ito tulad ng *whiteflies*, *beetles*, at iba pa.

PAG-AANI

Maaari nang anihin ang talong 7 araw pagkatapos ng unang pamumulaklak at kada ikalawang araw pagkatapos.

Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
0916-508-3569

Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER